# Paraiso sa Poblacion

*Joseph C. Eco, EdD*

Madumi ang poblacion
Puno ng tao at kalat.
Sa gilid ay mga nagtitinda ng kung anu-ano,
Mga sari-sari.
Mga pagkaing matapang na pobre ang susubok.
Ang alikabok ay pulbos
Na ipinapahid sa mukha ng mga nagtitinda,
Ang katibayan na patapos na ang araw,
Tanda ng sigasig, paalala ng pamamahinga.
Ang usok naman ay pabango,
Na tinatakluban ang daraanan at ang paningin ng dumaraan.
Sa ilalim ng ingay na niroromansa ang salapi at kita,
Ay mga palad na malinis kung tititigan,
Sa likod
Ay mga matang masasaya sa tagumpay
Ng pagkaubos ng tindang kamatis at tinapa
Na kanilang ibinalot sa kapirasong dyaryong
'di na nila maharap basahin sa dami ng ginagawa.
At ang pagpapagal sa kaguluhang bumabalot
na nililigo ng tilamsik ng laway

Ay mababatid ang poblacion,

Sentro ng kalakalan, matao lang para sa iilan

Ngunit,

Kapirasong paraisong itinuturing ng bilang kong kababayan.